

*Modyul Blg. 24*

*Pagsusuri ng Nobelang Noli Me Tangere*  
*Batay sa Pananaw Realismo at Naturalismo*



*Tungkol saan ang modyul na ito?*

Mahal kong Mag-aaral,

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo.

Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang lalo mong mapaunlad at mapayaman ang iyong mga kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Sa mga araling inihanda ko, mabibigyang –interpretasyon mo ang mga pangyayari sa akda. Mapapatunayan mo rin sa pamamagitan ng akda na ang kabutihan ay nagpapadakila sa tao.



*Ano ang matututunan mo?*

Ang layuning panlahat ng modyul na ito ay:

Nailalapat ang mga tiyak na teoryang pampanitikan sa pagsusuri sa akda.



*Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Patubay mo sa iyong sariling pagkatuto ang modyul na ito. Kagamitan mo ito bilang gabay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang paggamit nito, kinakailangang maging malinaw sa iyo ang mga tuntuning dapat mong sundin.

Huwag kang mabahala, simple lamang ang mga ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsubok o ang bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo? Layunin nitong masukat ang lawak ng kaalaman mo sa paksa.
2. Iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro Kung magkaroon ka man ng maraming mali, okay lang iyon. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Pag-aralan mong mabuti ang mga aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawaing inihanda ko. Unawain mong mabuti ang bawat panuto. Mahalaga ito upang masagot mo nang wasto ang mga pagsasanay.
4. Matapos mong gawin ang mga Pagsasanay tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging, Ano Na Ba Ang Alam Mo? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul na ito. Kaibigan mo ito.
6. Pag-isipan mong mabuti ang mga tanong bago mo sagutin ang mga ito.
7. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng sagutang papel o notebuk.

Pahalagahan mo ang modyul na ito. Ito'y iyong kaibigang tunay na nagmamalasakit sa iyo.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Panuto: Piliin ang letra ng mga salitang nag-aagawan ang kahulugan sa loob ng pahayag.

1. Nabunyag ang lihim ng tunay na pagkatao ni Maria Clara na nais sanang maitago ni Padre Damaso.  
a. nabunyag, maitago    b. lihim, pagkatao    c. tunay, nais    d. Lahat ng nabanggit
2. Ang mga salitang nag-aagawan ang kahulugan sa loob ng pahayag bilang 1 ay;  
a. magkasintunog    b. magkasalungat    c. magkasingkahulugan    d. magkatulad

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng denotatibo at konotatibong kahulugan ng sinalungguhitang salita sa loob ng pahayag.

3. Hindi sang-ayon si Ibarra sa mga ipinaglalabang prinsipyo ng mga taong-bundok.

a. tulisan    b. katutubo    c. hayup    d. mangmang
--

4. Kumalat ang balitang si Crisostomo Ibarra ang lider ng gagawing pag-aaklas.

- |   |
|---|
| a. paglaban    b. paghihimagsik    c. paglusob    d. lahat ng nabanggit |
|---|

Panuto: Piliin ang letra ng pahayag na nagbibigay ng interpretasyon at pahiwatig sa mga sumusunod.

5. Sobrang pahirap ang inabot ni Tarsilo sa kamay ng mga gwardiya sibil subalit hindi pa rin niya sinabi kung sino ang tunay na utak ng himagsikan.

Ano ang interpretasyon mo sa pangyayaring ito?

- Walang kasalanan ni Tarsilo.
- Hindi talaga alam ni Tarsilo kung sino ang lider ng paghihimagsik na plano sanang ilunsad.
- Si Tarsilo ang lider ng paghihimagsik.
- Lahat ng nabanggit.

6. Wika ni Elias, “Mamamatay akong di man nakita ang pagbubukang-liwayway sa aking Inang-Bayan.”

Ano ang nais ipahiwatig ng may salungguhit?

- sikat ng araw    b. pag-asa    c. kasaganaan    d. Lahat ng nabanggit

Panuto: Piliin ang letra ng wastong sagot.

7. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng pagiging makatotohanan ng mga pangyayari?

- Kinalimutan ni Elias ang balak na paghihiganti kay Ibarra at sa halip ay ipinara niya ang sariling buhay upang mailigtas ito sa kamay ng mga gwardiya sibil.
- Ninais pa ni Maria Clara na magmongha kaysa pakasal kay Linares.
- Sunud-sunuran si Kapitan Tiyago sa lahat ng nais ni Padre Damaso.
- Lahat ng nabanggit.

8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapatunay ng kabangisan ng daigdig sa kanyang mga nilikha?

- Bilang parusa kay Tarsilo dahil ayaw nitong umamin sa ibinibintang sa kanya ng mga gwardiya sibil, inilubog siya sa balong walang tubig kundi mabahong burak hanggang mamatay ito.
- Pinalo ng puluhan ng baril ng gwardiya sibil ang mga nahuling kasangkot daw sa himagsikan.
- Ikinulong ang mga hinuling kasangkot sa pag-aalsa.
- Lahat ng nabanggit.

(9-10) Anu-anong halagang pangkatauhan ang ipinakikita sa mga sumusunod na pahayag?

9. Kahit mamatay si Tarsilo ay hindi niya idinawit sa pag-aaklas si Ibarra dahil totoo namang wala itong kasalanan.

- mabuti    b. matapat    c. matapang    d. Lahat ng nabanggit

10. Kahit alam ni Ibarra ang gagawing pagpapakasal ni Maria Clara kay Linares, hindi niya pinagsabihan ng masasakit na salita si Maria Clara.

- matapang    b. maginoo    c. banal    d. Lahat ng nabanggit

## *IV. Aralín 1. Walang Lihím Na Dí Nabubunyag*

### A. Anu-Ano Ang Mga Tiyak na Matututuhan Mo Sa Araling Ito ?

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nakikilala at naipaliliwanag ang mga bahaging nagpapakita ng mga salitang nag-aagawan ang kahulugan.
2. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa;
  - kaisipang inilahad
  - opinyong nangibabaw
  - argumentong inilahad
3. Nasusuri ang akad batay sa pananaw realismo sa tulong ng mga bahaging nagsasaad ng;
  - makatotohanang isipan
  - pagbabago ng tauhan
  - makatotohanang kaisipan
4. Nailalahad ang mga kahalagahan ng pagpapatawad sa kapwa.
5. Naisasaayos ang mga salita, parirala upang mabuo ang kaisipan at makahulugang pahayag na may kaugnayan sa paksa.



### *Mga gawain sa pagkatuto*

#### 1. Alamin Mo...

Sa loob ng mahigit na 300 taong pananakop ng mga Kastila sa Pilipinas, kalunus-lunos ang mga naging karanasan ng mga Pilipino sa kanilang pamamahala.

Ang mga sumusunod ay mga paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol upang maipakita nila ang kanilang pagtutol sa pagmamalabis ng mga ito.

Makikilala mo ba ang mga namuno sa mga paghihimagsik na nabanggit?

- 1.a. Panuto: Ayusin ang mga sumusunod na letra upang mabuo ang pangalan ng mga Pilipinong namuno sa mga paghihimagsik na naganap.
1. Paghihimagsik sa Maynila noong 1574, matapos maitatag ni Legaspi ang paghahari ng mga Espanyol sa lungsod. Dahil sa mataas na buwis na ipapataw ng mga Espanyol sa mga Pilipino, naghimagsik ang mga ito.

L A U D K A N A L

2. Pinamunuan niya ang naganap na paghihimagsik sa Bohol noong 1621 upang mapanumbalik ang katutubong relihiyon.

T L T O M A B

3. Pinamunuan niya ang pag-aalsa sa Samar noong 1649 upang tutulan ang sapilitang pagpapadala ng mga manggagawa mula Leyte hanggang Cavite.

G U N U R M O S

4. Pinamunuan niya ang paghihimagsik sa Pampangga noong 1660 dahil sa hindi pagbabayad sa mga manggagawa sa pagputol ng mga punongkahoy na gagamitin sa paggawa ng barko.

N A M I A G O


5. Pinamunuan niya ang paghihimagsik noong 1774 dahil sa hindi pagbibigay ng pantay na karapatan sa mga Pilipino tulad ng pagbibigay ng kristiyanong libing.

H O D Y A G O

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

- 1.b. Ano kaya sa palagay mo ang mga ibinunga ng mga pag-aalsang ito na nabanggit sa buhay ng mga Pilipino?

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang bilang ng mga bagay na ibinunga ng mga paghihimagsik na nabanggit sa buhay ng mga Pilipino.



Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang mga pagsasanay na sinagutan mo sa A at B ay may malaking kaugnayan sa babasahin mong buod ng mga kabanatang 48 – 55 ng nobelang Noli MeTangere.

Handa a na ba?

Kung gayon, basahin mo na!

## 2. Basahin Mo. . .

### *Walang Lihim Na Di Nabubunyag (Kabanata XLVIII - LV)*

Dumating si Crisostomo sa bahay ni Kapitan Tiyago. Ibinalita nito sa mga naroroon na siya ay pinatawad na ng Arsobispo. Hindi na siya isang ekskomulgado. Laking pagdaramdam ni Crisostomo nang maabutan niya ang nag-uusap na sina Maria Clara at Linares. Agad itong umalis at nagtungo sa ipinagagawang paaralan. Ibinalita rin niya sa mga naroroon na hindi na siya ekskomulgado. “Hindi namin pinapansin iyon”, ang naisagot ni Nol Juan. Hiningi ni Crisostomo kay Nol Juan ang talaan ng mga manggagawa. Pagkaalis ni Nol Juan ay nilapitan ni Crisostomo si Elias na nasa hindi kalayuan. “Kung maaari po sana ay magkausap tayo”, ang bulong ni Elias sa binata.

Namangha sina Crisostomo at Elias. Sinabing lahat ni Elias ang kanyang dinaramdam sa kausap. Sinabi rin ni Elias sa binata ang napag-usapan nila ng pinuno ng mga tulisan. Ang kahilingang kausapin ni Crisostomo ang Kapitan Heneral para sa kagalingan. Tumanggi si Crisostomo. Hindi siya naniniwala sa ipinaglalaman ng mga tulisan. Hindi naunawaan ng binata ang mga ipinakikipaglaban ng mga ito. Naniniwala si Crisostomo na walang karapatan ang mga tulisang tumanggi sa mga ginagawa ng pamahalaan at ng kura dahil sila ay masasama. Bigung-bigo si Elias ng mga sandaling iyon.

Binago ni Elias ang usapan. Isinalaysay nito sa binata ang kanyang kasaysayan sa buhay. Ang naging buhay ng kanyang ama at kapatid. Dati silang mayaman ngunit nauwi sa wala ang kayamanang taglay dala na rin ng kalupitan ng kanilang kapwa. Namatay ang kanilang ama sa gitna ng kahihyan at kasawian. Ang katulong na lalaki na siyang kinasangkapan ng mga kalaban ng kanyang lolo na makuha ang yaman nito ay nabatid ng kanilang ama. Nang mabatid ang ganitong katotohanan, ang mag-ama ay napilitang mamundok hanggang sa mamatay ang matanda. Hindi umalis sa bundok mula pa noon ang magkapatid.

Nasa bahay pa rin ni Kapitan Tiyago ang mga tauhan. Nakatanggap ng isang liham si Linares. Mula iyon kay Donya Victorina. Pinagbabantaan nito ang lalaki na kung hindi mababalitang patay ang Alperes sa loob ng tatlong araw, mapipilitan siyang sabihin kay Maria Clara ang tungkol sa tunay niyang pagkatao. Ibinalita rin ni Kapitan Tiyago kay Padre Salvi ang ganito. “Samakatwid, Don Santiago, ang sagabal ay nawala na.” Samantala, dumating si Crisostomo. Pinakiusapan nito si Sinang na gumawa ng paraan na makapag-usap sila ng dalaga. Piliting huwag makatabi ni Maria Clara si Linares. Nangako si Sinang na gagawa siya ng paraan.

May mga nilalang na nagsisipag-usap tungkol sa gagawing pag-aaklas Narinig iyon ni Elias. Naulinigan niyang ang magsasagawa ng nasabing pag-aaklas ay walang iba kundi si G. Crisostomo Ibarra. Narinig din niya na kung magtatagumpay ang himagsikan, ang isisigaw nila ay Viva Don Crisostomo.

Kumalat ang usap-usapan tungkol sa ilaw na nakita ng mga tao sa libingan nang nagdaang gabi. Labis iyong ikinatakot ng lahat. Sa bahay naman ni Pilosopong Tasyo ay naroon si Don Filipino. May sakit si Pilosopong Tasyo. Nakiusap ito kay Don Filipino na sabihan si Crisostomo na siya ay dalawin. Gusto niyang makausap ang binata bago man lang daw siya mamatay.

Pagkatapos ng orasyon ay nagtungo si Padre Salvi sa bahay ng Alperes. Ibinalita niya sa Alperes ang tungkol sa balak na himagsikan. Pinilit ng Alperes ang kura na sabihin sa kanya kung sino ang nagsabi rito ng tungkol sa himagsikan. Ayaw pumayag ng kura. Hindi raw nito mailalabas ang isang bunga ng pangungumpisal. Pinaghanda ng kura ang Alperes at ito ay humingi rin ng mga bantay. Sa kabilang banda, dumating si Elias sa bahay ni Crisostomo. Pinagsabihan nito ang binata ng

tungkol sa nalalapit na himagsikan. Sinabi rin nito na siya ang sinasabing utak nito. Laking pagtataka ng binata kung bakit nagkagayon. Upang iligtas ang sarili,

pinagpayuhan ni Elias si Crisostomo na sunugin ang lahat ng anumang dokumentong ipinadala sa kanya. Samantalang nagtitipon ng mga dokumento, may nakitang isang pangalan si Elias. Napag-alaman niyang ang taong kaharap niya ngayon ang taong matagal na niyang hinahanap. Sinabi niya iyon sa kausap. Pagkatapos nagmamadaling umalis sa pook na iyon.

Dumating si Crisostomo sa bahay ni Kapitan Tiyago. Nag-usap sila ni Maria Clara. Ilang sandali ay umalis din ito. Nakita niya sa kalsada ang mga sibil na tila lalaban sa isang giyera. Dali-dali silang umuwi. Ilang saglit ay dumating sa kanyang bahay ang mga sibil. Pilit na binubuksan ang pinto. Nang makita siya ng mga sibil ay agad itong hinuli. Napag-alaman ni Elias ang nangyaring iyon sa kaibigan.

Agad siyang nagtungo sa bayan. Pumasok sa bahay ni Crisostomo. Tinipong lahat ang mga mahahalagang kasulatan. Pagkatapos naglagay ng ilang tumpok ng papel at mga damit. Umalis. Ilang saglit ay nagbalik ang mga sibil. Kinukuha ang mga kasulatan. Tumanggi ang katulong. Ilang saglit at kumalat na ang apoy. Nasunog ang bahay ni Crisostomo.

Matapos mong basahin ang akda gawin mo ang mga sumusunod na mga gawain sa pagkatuto upang matiyak kung naunawaan mo ang iyong binasa.

### **3. Linangin Mo . . .**

#### **a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Nakadaragdag sa kasiningan ng akda ang paggamit ng mga salitang nag-aagawan ng kahulugan.  
Hal. Masayang-malungkot ang buhay dito sa mundo.  
Upang mabuhay kailangan siyang pumatay.

a.1. Panuto: Piliin sa loob ng pahayag ang mga salitang nag-aagawan ng kahulugan.

1. Pinilit ng Alperes ang kura na ibunyag ang may pakana ng himagsikan subalit inilihim pa rin ito ng kura.
2. Bago man lamang mamatay si Pilosopo Tasyo ay hiniling nito kay Ibarra na patuloy na mabuhay sana ang kanyang mga gintong kaisipan.
3. Naalis na ang pagiging ekskumulgado ni Crisostomo kaya't malaya na itong makipag-usap sa lahat.



4. Tahimik na sana ang buhay ni Crisostomo subalit muli na naman itong gumulo dahil nasangkot siya sa isang himagsikan.
5. Kaligayahan para kay Crisostomo ang pag-ibig niya kay Maria Clara subalit kalungkutan naman para kay Padre Damaso na tutol sa kanilang pag-iibigan.

a.2. Ibigay ang literal na kahulugan ng mga sumusunod na salitang ginamit sa mga pahayag sa pagsasanay A. Piliin ang mga ito sa hanay 3.

Salita	Literal na Kahulugan	
	Hanay 1	Hanay 2
1. inilihim		Payapa
2. ibinunyag		Itinago
3. ekskumulgado		pinagbawalang makipag-usap
4. tahimik		Payapa
5. kaligayahan		isiniwalat

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Upang magawang maiugnay ng mga mambabasa ang kanilang mga karanasan sa akda, kailangang mailapat nila ang kanilang pansariling interpretasyon dito batay sa kaisipang inilahad, opinyong nangingibabaw at argumentong inilahad.

- b.1 . Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng kaisipang nais ipahiwatig ng bawat pahayag.
1. “Hindi na namin pinapansin kung hindi na ekskumulgado si Crisostomo Ibarra,” wika ni Nol Juan.
  2. Pinagbabantaan ni Donya Victoria si Linares na kung hindi niya mababalitaang patay ang Alperes sa loob ng tatlong araw, mapipilitan siyang sabihin kay Maria Clara ang tunay niyang pagkatao.
  3. Laking pagtataka ni Ibarra kung bakit siya ang itinuturong utak ng gagawing himagsikan.
  4. Ang mabuting araw ay makikilala sa umaga.
  5. Pinagpayuhan ni Elias si Ibarra na sunugin ang anumang dokumentong mag-uugnay sa kanya sa himagsikan.

a). Maaring tuluyang madamay si Ibarra sa himaagsikan kapag may nakitang ebidensiya.

b). Hindi sila interesado sa ano mang mabuting bagay na nangyayari kay Ibarra

c). Ang kahihinatnan ng anumang bagay ay makikita sa simula pa lamang


d). Nais ni Donya Victorina na patayin ni Linares ang Alperes.

e). Wala talagang kinalaman si Ibarra sa himagsikang magaganap.

b.2 . Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ang opinyon ng bawat tauhan ay makatotohanan at ekis (✗) kung ito ay hindi makatotohanan.

6. \_\_\_\_\_

7. \_\_\_\_\_



C. Panuto: Isulat ang **P** kung ang argumento ay positibo at **N** kung ito ay negatibo.

8. \_\_\_\_\_

“Walang karapatang tumanggi ang mga tulisan sa ginagawa ng pamahalaan at ng mga kura dahil sila ay masasama.”

9. \_\_\_\_\_

“Hindi dapat ilabas ang isang bunga ng pangungumpisal.”

Mga argumento sa akda


10. \_\_\_\_\_

“Hindi dapat idamay sa kasalanan ang kaanak ng nagkasala”

c. Pagsusuring Pampanitikan


Lahat ng bagay sa mundo ay nagb bago, lalo na ang tao. Ito ang katotohanan ng buhay.  
Sa pagbuo ng may-akda sa mga tauhan sa kanyang akda, mahalagang maipakita niya ang mga pagbabago ng mga tauhang nabanggit upang maging ganap na makatotohanan ang mga ito.

c.1. Panuto: Isulat ang **P** kung ang pagbabagong naganap sa tauhan ay positibo at **N** kung negatibo.



c. 2.  
 Ang pagkakaroon ng mga makatotohanang kaisipan ng isang akda ay patunay na ang may-akda ay nagpapahalaga sa realidad ng buhay

Panuto: Bilugan ang bilang ng mga pahayag na nagpapakita ng mga katotohanan ng buhay.



Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

c.3. Ang mga pangyayari sa akda ay paglalarawan ng tunay na kaganapan ng buhay.

Panuto: Ang mga sumusunod ay mga pangyayari sa mga kabanata. Lagyan mo ng tsek ( ✓ ) ang bilang kung ang mga ito ay nangyayari sa tunay na buhay at ekis ( x ) kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Pinatawad ni Elias si Crisostomo na ang mga ninuno ay sanhi ng pagdurusa ng kanyang buong angkan.
- \_\_\_\_\_ 2. Nagselos si Crisostomo nang makita niyang nag-uusap sina Maria Clara at Linares.
- \_\_\_\_\_ 3. Si Padre Salvi, bagama't pari ay nagnanasa sa kagandahan ni Maria Clara.
- \_\_\_\_\_ 4. Nilimot ni Crisostomo ang nangyaring pagdurusa ng ama sa kamay ni Padre Damaso alang-alang sa Pilipinas at Espanya.
- \_\_\_\_\_ 5. Ibig ni Maria Clara na limutin na siya ni Ibarra kahit mahal niya ito.

e. Halagang Pangkatauhan

Ang matuwid na argumento ay patnubay sa wastong pamumuhay.

Ang mga sumusunod ay pagpapalitang kuro nina Ibarra at Elias tungkol sa maraming bagay sa Kabanata XLIX, “Tinig ng mga Pinag-uusig.”

Panuto: Isulat ang **M** kung matuwid ang argumentong inilahad sa pahayag at **DM** kung di-matuwid ang mga ito.

- 1. “Ang sibil at kura ay mahahapding gamot na kailangan ng bayang may sakit kahit anong hapdi sapagkat makagagaling,” ayon kay Crisostomo. Kung mawawala ang mga ito ay mawawalan ng katatakutan ang masasama,” dagdag pa.
- 2. Wika ni Elias, “dapat munang ugatin ng mga manggagamot ang pinagmumulan ng sakit bago niya ito lapatan ng gamot upang lubusang gumaling.
- 3. Ayon kay Elias ang dapat ipalit sa mga mapagmalabis na sibil ay mga kwadrelyero na nasa pangangasiwa ng Pilipino tulad ng tinyente mayor, kapitan ng bayan.
- 4. “Sa mga prayle utang ng Pilipinas ang isang malinis na pananalig o ang kristiyanismo.

5. Ayon kay Elias, “iniibig ko ang ating bayan dahil utang ko sa kanya ang aking mga kasawian.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

#### 4. Palalimin Mo . . .

Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na nagsasaad ng dahilan kung bakit di dapat paghigantihan ni Elias si Crisostomo.


1. Wala sa batas ng tao na parusahan ang mga kaanak ng taong nagkasala.
6. Tapos na ang mga pangyayaring naganap sa angkan ni Elias kaya’t dapat nang ilibing sa limot.
7. Kung sino ang nagkasala siyang dapat parusahan.
8. Walang pakialam si Crisostomo sa ginawa ng kanyang mga ninuno.
9. Naging mabuti si Crisostomo sa pakikitungo kay Elias.


Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

#### 5. Gamitin Mo . . .

Kung ikaw ay nagnanais ng mga pagbabago para sa ikabubuti ng lipunang iyong kinabibilangan, gawin mo ito sa paraang katanggap-tanggap para sa lahat.

Panuto: Ang mga sumusunod ay mga palitang-kuro nina Crisostomo at Elias. Lagyan ng **K** ang patlang kung ang mga argumentong kanilang sinabi ay katanggap-tanggap at **DK** kung di-katanggap-tanggap.





## 6. Sulatin Mo . . .

Sina Crisostomo at Elias ay kapwa nagtataglay ng matatayog na kaisipan.

Ang mga sumusunod ay gintong butil ng mga kaisipan nina Crisostomo at Elias.


Panuto: Ayusin ang salita at parirala upang mabuo ang kaisipan ng mga sumusunod na pahayag.

1. sapagkat utang / ang ating bayan / iniibig ko / ko sa kanya / ang aking kaligayahan
2. kailanma’y / ang masama / magbubunga / hindi / ng mabuti

## 7. Lagumin Mo . . .

Ang isang mabuting akda ay dapat na magturo ng mga impormasyon at umantig ng mga damdamin.

Panuto: Bilugan ang bilang na bubuo sa sumusunod na pahayag.



<ol style="list-style-type: none"> <li>1). Ang mga mamamayan ay hindi na basta na lamang nagmamasid sa mga nangyayari sa paligid. Sila’y nakikisangkot na.</li> <li>2).Ang labis na kapangyarihan ay nagbubunga ng korupsiyon.</li> <li>3).Kung walang kalayaan ay walang liwanag.</li> <li>4).Upang dinggin ng pamahalaan ang mga hinaing ng mga mamamayan, dapat silang mamundok at maging tulisan.</li> <li>5). Walang lihim na di nabubunyag.</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>6). Paghanga kay Elias dahil minamahal niya ang bayan kahit dito niya nalasap ang kapighatian.</li> <li>7). Pagkaawa kay Elias dahil natuklasan niya na ang angkan ni Crisostomo na itinuturing niyang kaibigan ay siya niyang hinahanap upang paghigantihan.</li> <li>8). Paghanga sa mga taong namumundok at lumalaban sa gobyerno.</li> <li>9). Awa kay Padre Salvi dahil hindi niya maipagtapat kay Maria Clara ang kanyang pag-ibig.</li> <li>10). Pagkapoot kay Crisostomo dahil kabilang siya sa angkan naging dahilan ng pagdurusa ni Elias.</li> </ol>
--	--

### 8. Subukin Mo. . .

Panuto: Isulat ang **T** kung ang kaisipan ay totoo batay sa paksa at ekis **X** kung hindi.

\_\_\_\_\_ 1. Hindi na ekskomulgado si Crisostomo, malaya na siyang makipag-usap sa lahat.

\_\_\_\_\_ 2. Hindi sang-ayon si Crisostomo sa mga ipinaglalaman ng mga tulisan.

- \_\_\_\_\_ 3. Nabatid ni Crisostomo ang tunay na nangyari sa ama nang siya ay nasa Europa.
- \_\_\_\_\_ 4. Iniligtas ni Elias si Crisostomo sa pagbagsak ng panulukang bato sa ipinatatayong paaralan.
- \_\_\_\_\_ 5. Hindi malaman ni Ibarra kung paano nasangkot ang pangalan niya sa himagsikang binabalak gawin.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang angkan ni Elias ay biktima ng kasamaan ng mga Ebaramedia na nuno ni Crisostomo.
- \_\_\_\_\_ 7. Iniibig ni Elias ang bayan dahil nagmula dito ang kanyang mga kabiguan at kasawian
- \_\_\_\_\_ 8. Magkatugma ang mga paninindigan nina Crisostomo at Elias sa mga ipinaglalaman ng mga tulisan.
- \_\_\_\_\_ 9. Isang anak lamang ang tingin ni Padre Salvi kay Maria Clara.
- \_\_\_\_\_ 10. May kinalaman si Crisostomo sa himagsikang gagawin.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

### 9. Paunlarin Mo . . .

Panuto: Isulat ang **K** kung ang pahayag ay katotohanan, **O** kung opinyon at **KK** kung kongklusyon.

- \_\_\_\_\_ 1. Walang karapatang magbigay ng kundisyon sa pamahalaan ang mga tulisan.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang mga prayle at gwardiya sibil ay masamang kailangan ng mga mamamayan.
- \_\_\_\_\_ 3. Walang sinuman ang may karapatang maghiganti sa kanyang kapwa.
- \_\_\_\_\_ 4. Makatwiran lamang na magalit ang isang tao kapag nakita niyang kausap ng kanyang minamahal ang isang tao na maaaring umagaw dito sa kanya.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang taong walang kasalanan ay di dapat matakot kaninuman.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor na nakuha mo sa bahaging Subukan Mo . . . ay 5 pataas, huwag mo nang sagutin pa ang bahaging ito. Kung 4 pababa naman, gawin mo na ito

## *Aralin 2 - Sawing Kapalaran (Kabanata LVI - LXIII)*

A. Anu-ano Ang Mga Tiyak Na Matututunan Mo ?



Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nabibigyang – kahulugan ang mga pahiwatig o konotasyon.
2. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa
  - pangyayaring–inisa-isa
  - kaisipang inilhad
  - opinyong nangibabaw
  -
3. Nasusuri ang akda batay sa pananaw naturalismo sa tulong ng mga bahaging nagpapakita ng;
  - kapaligirang karumal-dumal
  - pangyayaring kasuklam-suklam
  - paglalabanan ng mga tao para mabuhay
4. Napatutunayan ang kahalagahan ng pag-ibig sa bayan bago ang kapakanan pansarili.
5. Naisusulat ang kaisipang kaugnay ng akdang binasa.



## *Mga gawain sa pagkatuto*



### **1. Alamin Mo...**

Ang sumusunod na pangyayari ay paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa masamang pamahalaan na nagdudulot ng maraming pagbabago sa bansa.

Batay sa iyong mga narinig, napanood at nabasa, paano naganap ang dalawang rebolusyon sa EDSA na naging dahilan upang mapatalsik sa kapangyarihan sina Pangulong Marcos at Estrada?

Gumamit ng ikaapat na bahagi ng papel sa pagsagot.

1.a. Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pangyayaring nagbigay-daan upang mapatalsik sa katungkulan sina Pangulong Marcos at Pangulong Estrada. Gamitin ang mga letra a – e sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.



Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

1. c.

Sa likod ng bawat paghihimagsik o pag-aalsa laban sa pamahalaan, ay isang pinuno na handang suungin ang panganib mapagtagumpayan lamang ang ipinaglalaman.

Panuto: Piliin sa Hanay B ang letra ng pangalan ng lider sa bawat paghihimagsik na ginawa ng mga mamamayan laban sa pamahalaan.

Hanay A

Hanay B

- |  |                     |
|--|---------------------|
| 1. HUKBALAHAP – Hukbong Bayan Laban sa Hapon                                   | a. New Peoples Army |
| 2. Isa sa lider ng oposisyon na lumaban sa mapaniil na rehimen ng Pang. Marcos | b. Gringgo Honasan  |
| 3. Ka Roger Rosal  | c. M N L F          |
| 4. Nur Misuari   | d. Ninoy Aquino     |
| 5. Isa sa mga militar na nag-himagsik laban sa Batas Militar                   | e. Luis Taruc       |

Ang mga pagsasanay na iyong sinagot ay may malaking kaugnayan sa akdang iyong babasahin sa araling ito.

Handa ka na ba?

Sige simulan mo na!

**2. Basahin Mo...**

*Sawing Kapalaran  
(Kabanata LVI - LXIII)*

Kumalat ang iba't ibang balita. May nagsabing itinakas ni Crisostomo si Maria Clara at nang tumutol si Kapitan Tiyago, ito ay kanyang pinatay. Nasa kwartel noon si Crisostomo. Lumabas din ang balita tungkol sa bangkay si Lucas na natagpuan sa isang bakuran na nakabitin sa isang punongkahoy.

Pinarusahan ang mga nahuling tulisan. Labis ang naging parusang sinapit ni Tarsilo. Ayaw niyang sabihin kug sino ang nag-utos sa kanila. Dumating si Donya Consolacion sa lugar ng parusahan. Pinanood nito ang pagpaparusang ginagawa ng mga sibil kay Tarsilo. Takut na takot naman ang isang binata habang nanonood. Ayaw pa ring umamin ni Tarsilo. Inilubog siya sa balong walang tubig kundi ang burak at putik na pinapala sa latawan. Namatay si Tarsilo. Umiyak nang malakas si Andong. Aamin na siya. Itinuro na niya kung sino ang nag-utos sa kanila. Laking tuwa ng Alperes.

Maaga pa ay puno na ang kwartel. Dinadalaw nila ang mga kamag-anak na hinuli. Galit na galit ang mga ito kay Crisostomo Ibarra. Sinisisi nila ang binata sa kinasapitan ng kanilang kaanak. Lumabas na ng kwartel ang mga bilanggo. Lalong malakas ang tungayawan laban kay Crisostomo. Naririnig pa rin niya iyon habang patuloy na umuusad ang kanilang sasakyan patungo sa ulumbayan. Habang naglalakbay, nakamasid naman ang isang matandang payat at maputla. Si Pilosopong Tasyo na punong-puno ng kabiguan. Kinabukasan natagpuang patay ng isang pastol.

Nababagabag ang lahat at dala ng kaguluhang nakarating sa Maynila. Ang lahat ay nagnanais na maghandog ng tulong sa simbahan at sa pamahalaan. Labis ang papuring inabot ng Alperes at ni Padre Salvi. Ang bawat isa ay nagnanais tuloy na makapaglingkod sa bayan alang-alang sa kasikatang pansarili Isa na rito si Kapitan Tinong.

Naging bulung-bulungan ang gagawing pagbitay kay Crisostomo. Hindi iyon ang labis na ipinagdaramdam ni Maria Clara. Labis ang kanyang kalungkutan sa pasyang binuo ng kanyang ama. Ipakakasal siya kay Linares. Sa asotea, sa gitna ng kanyang kalungkutan ay dumating si Crisostomo. Tumakas ito mula sa kulungan. Nag-usap ang dalawa. Inilabas ang mga laman ng puso at isip. Matapos na mabatid ang katotohanan sa likod ng pagpapakasal ni Maria Clara, pinatawad ng binata ang dalaga at labis na nakadama ng kahabagan. Ilang saglit matapos na ipahayag na muli ang wagas na pag-ibig, umalis na si Crisostomo upang ituloy ang pagtakas.

Nagpatuloy sa pamamangka sina Elias at Ibarra. Nabanggit ni Elias kay Crisostomo na may isang buwan ang nakaraan, ganoon din ang kanilang kalagayan. Ngayon hindi na tumataggi sa himagsikan si Crisostomo. Inamin nitong siya ay naghahanda nang lumaban dala na rin ng kanyang kasawian.

Nahahanda na rin siyang maging isang tunay na filibustero. Sa gitna ng pag-uusap ay tinugis sila ng mga sibil. Inutusan ni Elias na humiga si Crisostomo. Nagpatuloy ang barilan. Tumalon si Elias. Kinabukasan, nakita ang mga bahid ng dugo sa tubig at pampang.

Maaga pa ay puno na ang kwartel. Dinadalaw nila ang mga kamag-anak na hinuli. Galit na galit ang mga ito kay Crisostomo Ibarra, Sinisisi nila ang binata sa kinasapitan ng kanilang kaanak. Lumabas na ng kwartel ang mga bilanggo. Lalong malakas ang tungayawan laban kay Crisostomo. Naririnig pa rin niya iyon habang patuloy na umuusad ang kanilang sasakyan patungo sa ulumbayan. Habang naglalakbay, nakamasid naman ang isang matandang payat at maputla. Si Pilosopong Tasyo na punung-puno ng kabiguan. Kinabukasan natagpuang itong patay ng isang pastol.

Nabagabag ang lahat at dala ng kaguluhang nakarating sa Maynila. Ang lahat ay nagnanais na maghandog ng tulong sa simbahan at sa pamahalaan. Labis ang papuring inabot ng Alperes at ni Padre Salvi. Ang bawat isa ay nagnanais tuloy na makapaglingkod sa bayan alang-alang sa kasikatang pansarili. Isa na rito si Kapitan Tinong.

Naging bulung-bulungan ang gagawing pagbitay kay Crisostomo. Hindi iyon ang labis na ipinagdaramdam ni Maria Clara. Labis ang kanyang kalungkutan sa pasyang binuo ng kanyang ama. Ikakasal siya kay Linares. Sa asotea, sa gitna ng kanyang kalungkutan ay dumating si Crisostomo. Tumakas ito mula sa kulungan. Nag-usap ang dalawa. Inilabas ang mga laman ng puso at isip. Matapos na mabatid ang katotohanan sa likod ng pagpapakasal ni Maria Clara, pinatawad ng binata ang dalaga at labis na nakadama ng kahabagan. Ilang saglit matapos na ipahayag na muli ang wagas na pag-ibig, umalis na si Crisostomo upang ituloy ang pagtakas.

Nagpatuloy sa pamamangka sina Elias at Ibarra. Nabanggit ni Elias kay Crisostomo na may isang buwan ang nakaraan, ganoon din ang kanilang kalagayan. Ngayon hindi na tumatangi sa himagsikan si Crisostomo. Inamin nitong siya ay naghahanda nang lumaban dala na rin ng kanyang kasawian. Nahahanda na rin siyang maging isang tunay na filibustero. Sa gitna ng pag-uusap ay tinugis sila ng mga sibil. Inutusan ni Elias na humiga si Crisostomo. Nagpatuloy ang barilan. Tumalon si Elias. Kinabukasan, nakita ang mga bahid ng dugo sa tubig at pampang.

Kinausap ni Padre Damaso ang nalulungkot na si Maria Clara. Ipinagtapat ng pari sa dalaga ang nilalaman ng kanyang dibdib. Sa pag-uusap hiniling ng dalaga sa pari na pahintulutan siyang makapasok sa kumbento upang magmongha. Laking kalungkutan ang nadama ng pari. Tumutol siya subalit mapilit ang dalaga. “Sa kumbento o kamatayan.”

Bumababa sa bundok si Basilio. Doon siya napadpad mula ng umalis siya sa kanilang tahanan upang tumakas sa sibil. Wala ang kanyang ina. Nabalitaan niya ang nangyari rito kaya agad na hinanap sa bayan. Nakita siya subalit hindi siya nakilala. Naghabulan ang dalawa. Sumapit sila sa lumang libingan. Isinara ng babae ang pinto ng libingan kaya napilitang umakyat sa moog si Basilio na siya niyang ikinahulog. Nawalan siya ng malay. Sa ganoong kalagayan ay nakilala ni Sisa ang kanyang anak. Nang magising si Basilio ay patay na ang kanyang ina. Ililibing na lamang ito nang biglang dumating ang isang sugatang lalaki. Tinanong siya kung siya ang anak. Tumango lamang ang bata. Inutusan ng lalaki si Basilio na sunugin sila ng kanyang ina. Pagkatapos, lumakad daw ito ng ilang hakbang at saka humukay. Ang yamang makukuha ay gamitin upang mabago ang buhay. Tinanong din niya kung may tao nang nagpunta roon na nauna sa kanya. Wala raw. Ilang saglit ay nalagutan ng hininga ang lalaki. Ngunit bago siya nalagutan ng hininga, nawika niya ang ganito, “Mamamatay akong di man nakita ang maningning na pagbubukang-liwayway sa aking Inang-Bayan. Kayong makakakita, batiin ninyo siya at huwag kalimutan ang mga nabulid sa gitna ng dilim.

Matapos mong basahin ang akda, gawin mo ang sumusunod na mga pagsasanay upang matiyak kung naunawaan mo ang iyong binasa.

### 3. Linangin Mo...

#### a. Pagsusuring Panlinggwistika

Dalawa ang taglay na kahulugan ng isang salita, denotatibo at konotatibo. Ang kahulugang denotatibo ay ang literal na kahulugan ng isang salita o kahulugan na makikita sa diksyunaryo. Ito rin ang karaniwang kahulugang maririnig natin.


Ang kahulugang konotatibo ay ang ikalawang kahulugang ibinibigay sa isang salita. Makikita rin sa diksyunaryo ang kahulugan, pero ang konteksto ng kahulugan ay iba sa nakaugalian o nakagawian na.

Hal. Langit para sa kanya na makapiling ang minamahal.  
konotatibong kahulugan – kaligayahan  
denotatibong kahulugan – kalawakan

- a. 1. Panuto: Piliin sa loob ng ulap ang denotatibong kahulugan ng mga salitang may salunguhit sa loob ng pahayag.  
Isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Para kay Elias, si Ibarra ang pag-asa ng bayan sa pagkaduhagi nito.

2. May gurlis sa leeg ang nagbigting si Lucas gawa ng mga kuko ng sumakal sa kanya.
  3. Namatay sa bilangguan si Tarsilo na di isinangkot si Ibarra sa pagbabagong ginawa ng mga lumaban sa pamahalaan.
  4. Ayaw madawit ni Kapitan Tiyago sa asunto ni Crisostomo.
5. Nagbunyi ang mga prayle sa pagkakatuklas ni Padre Salvi sa himagsikan.



- a. 2 Panuto: Piliin sa Hanay B ang konotatibong kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa Hanay A.

Hanay A	Hanay B
6. Marami ang nagalit kay Crisostomo nang <u>pagbuhatan</u> nito <u>ng kamay</u> si Padre Damaso	a. matatag
7. <u>Abot hanggang langit</u> ang galit ni Padre Damaso kay Ibarra.	b. hadlang
8. <u>Lumaki ang ulo</u> ni Padre Salvi nang hangaan siya ng marami dahil sa pagkatuklas niya sa himagsikan.	c. galit na galit
9. Itinuring ni Padre Salvi na <u>tinik sa lalamunan</u> niya si Ibarra.	d. yumabang
10. <u>Buong-buo ang loob</u> ni Maria Clara sa pagharap sa lahat ng pagsubok na dumarating sa kanila ni Crisostomo.	e. sinaktan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

- b. Pagsusuring Pangnilalaman

Ang kakayahang mabigyang interpretasyon ang mga pangyayari sa akda ay nagpapatunay lamang na naiuugnay ng bumabasa ang kanyang mga karanasan dito

Isa-isahin natin ang mga pangyayari sa akda at pagkatapos ay bigyang interpretasyon ito.

Panuto: Batay sa mga pangyayari sa bawat pahayag, piliin ang letra ng pangungusap na sa palagay mo ay kahihinatnan ng mga tauhan sa nobela.

1. “Huwag, dumito kayo. Lumaban tayo sa kanila at italaga ang ating buhay!” Ang wika ni Crisostomo kay Elias. “Wala tayong mararating. Wala tayong sandata at para lamang tayong ibon na kanilang papatayin.” Narinig noon ang isang higing ng punlo na sumagitsit sa tubig at sinundan ng pagputok. “Nakita na ninyo,” ani Elias na binitiwang ang sagwan sa bangka.  
“Magkikita tayo sa Noche Buena sa libingan ng inyong ingkong. Lumigtas kayo Pagkaraan ng kalahating oras, isang nananawagan ang nagbalitang nakakita siyasa tubig sa malapit sa may baybayin ng mga bahid ng dugo.  
Ano sa palagay mo ang kinahinatnan ni Crisostomo batay sa pahayag?  
a. nahuli      b. namatay      c. nasugatan      d. Lahat ng nabanggit.
2. Si Elias ay humarap sa Silangan at pabulong na nagwikang tila dumadalangin. “Mamamatay akong di man nakita ang maningning na pagbubukang-liwayway sa aking Inang-Bayan! Kayong makakakita, batiin ninyo siya at huwag kalimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi.”  
Itiningala niya sa langit ang mga mata. Ang mga labi’y kumibot na wari’y bumubulong ng dalangin. Pagkatapos ay napayukayok ang ulo at unti-unting nabuwal sa lupa.  
Ano kaya ang nangyari kay Elias?  
a. nahilo      b. nahimatay      c. nagalit      d. namatay
3. Si Maria Clara ang monghang nakita ng mga kawal sa bubong ng kumbento isang mabagyong gabi at humihinging tamaan na siya ng kidlat.  
Batay sa pahayag, si Maria Clara ay maaaring;  
a. nagkasakit      b. nabaliw      c. nagalit      d. nagsasaya
4. Mula nang magmongha si Maria Clara ay hindi na nagsimba si Kapitan Tiyago. Araw at gabi ay panay sugal at apyan ang kanyang pinagkakaabalahan.  
Batay sa pahayag si Kapitan Tiyago ay naging;  
a. malulungkutin      b. masasakitin      c. sugapa      d. matatakut
5. Idinestino sa isang napakalayong lalawigan ng Padre Provincial si Padre Damaso. Labis niya itong tinutulan. Kinabukasan ay natagpuang patay si Padre Damaso.  
Ano kaya sa palagay mo ang sanhi ng kanyang kamatayan?  
a. Labis na sama ng loob  
b. Labis na kalungkutan  
c. Labis na galit



d. Lahat ng nabanggit

c. Pagsusuring Pampanitikan

Nakapokus sa pag-aaral ng kalikasan ng tao ang naturalismo bilang teoryang pampanitikan.  
Sa teoryang ito, tinitingnan ang tao bilang isang nilikhang umaakto at nagpapasya batay sa kanyang kalikasan.  
Sa ilalim ng teoryang ito, ang mga nangingibabaw na tema ay ang mga sumusunod.

- a. pagtatanggol sa sarili
- b. karahasan
- c. lahat ng mga pangyayari ay nakatakdang maganap
- d. paglabag sa kinagisnang tradisyon

c. 1. Ang mga sumusunod na pangyayari ay mula sa kabanata LVII – Vae Victis, ay nagpapakita ng karahasan ng tao sa kanyang kapwa.

Panuto: Isulat ang **M** sa patlang kung ang mga sumusunod ay makatarungan at **DM** kung di makatarungan.


Isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

- \_\_\_ 1. Kaya lamang sumalakay sa kwartel ang magkapatid na Tarsilo at Andong ay upang ipaghiganti ang pagkamatay ng kanilang ama sa pagkapalo ng mga sibil.
- \_\_\_ 2. Ang totoo ayon sa magkapatid, pinatay na nila ang dalawang sibil na nagparusa sa kanilang ama.
- \_\_\_ 3. Pinatay si Tarsilo dahil pinarusahan ng katakut-takot ng mga sibil dahil sa pagpatay niya sa iba pang sibil.
- \_\_\_ 4. Iginapos nang padapa sa bangko si Tarsilo at hinampas ng yantok nang maraming ulit ng mga sibil.
- \_\_\_ 5. Ikinamatay ni Tarsilo ang pagkakahulog sa kanya sa balong ubod ng dumi at baho.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.


c. 2. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na nagpapakita ng bahaging;

a.



1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

b.



4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_


- a. Pinagmumura at sinisi ng lahat ng mga kaanak ng mga bilanggo si Crisostomo Ibarra.
- b. Maraming kaanak ng mga bilanggo ang bumato kay Ibarra habang papalabas ito sa kalye.
- c. Nangingitim ang mukha at buong katawan ni Lucas bago siya binigti.
- d. Tanging si Kapitana Maria, na ina ng anak na kambal na kasamang nadakip ang walang katinag-tinag sa pagkakatayo, kagat ang mga labi, luhaan, inihatid ng tanaw ang bugtong na anak.
- e. Isa sa kahabag-habag na tanawin ay ang panonood ng kapatid na dalaga ni Tarsilo habang pinarurusahan ang binata na parang bawat palong tanggapan ng lalaki ay tumatama sa kanya at nadarama niya ang sakit niyon.
- f. “Walang Diyos! Walang pag-asa... kundi ang katwiran at lakas”

d. Halagang Pangkatauhan

Ang tunay na karakter ng tao ay makikita sa panahon ng kanyang kasawian at kabiguan.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang halagang pangkatauhanng makikita sa mga pahayag na binitawan ni Elias.

Isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.



- a. nagpapahalga sa kapayapaan
- b. nagpapahalaga sa mga mamamayan
- c. nagpapahalaga sa bayan
- d. nagpapahalaga sa katwiran

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

#### 4. Palalimin Mo . . .

4. 1 Husgahan kung makatwiran ang ginawa ng may-akda sa mga tauhan sa pagwawakas ng nobela.

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang bilang ng pahayag na nagsasaad ng pagiging makatwiran ng kahihinatnan ng mga tauhan sa nobela.

Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Hindi itinuloy ni Elias ang balak na paghihiganti kay Ibarra na ang mga ninuno ay sanhi ng kasawian ng kanyang angkan, sa halip ay iniligtas pa niya ito sa kamatayan.
2. Si Kapitan Tiyago ay nagumon sa sabong, sugal at apyan. Nalusaw rin ang kabuhayan na nagmula sa masamang gawain.
3. Dahil nalulong sa paghitit ng tabako at pag-inom ng alak, lalo pang naging sugapa sa bisyo si Donya Consolacion.
4. Nagmongha si Maria Clara, nabaliw at nawalay sa pinakamamahal na si Ibarra.
5. Nadawit ang pangalan ni Crisostomo Ibarra sa paghihimagsik na sa katotohanan ay wala siyang kaalam-alam.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

4. 2.

Ang tao, gaanuman kasama ay may natatagong kabutihan sa kaibuturan ng kanyang puso.

Sa Kabanata LXII – Ang Pagtatapat ni Padre Damaso, ipinakita rito ang kanyang kadakilaan bilang ama.

Panuto: Bilugan ang mga bilang ng pahayag na nagpapakita ng kadakilaan ni Padre Damaso bilang ama.

1. “Ikaw, Maria Clara ang tangi kong kaligayahan,” at humagulgol ito na parang musmos.

2. “Kahit sinong binata ay payag na akong mapangasawa mo, huwag ka lamang magmongha!”
3. “Diyos ko! Tunay ngang ikaw ay buhay sapagkat ikaw ay nagpaparusa.”
4. “Ako ang bagsakan mo ng paghihiganti at huwag salangin ang walang salang si Maria Clara!”
5. “Iligtas mo po ang aking anak!”

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawato na nasa iyong guro.

### 5. Gamitin Mo . . .

Ang mga kasawiang naganap sa mga tauhan ay maiiwasan sana kung gumamit lamang sana ang mga ito ng wastong pagpapasya

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na naglalahad ng wastong pagpapasya sa bawat sitwasyon upang maiwasan ang lalo pang kabiguan at kalungkutan.

1. Nagkayari na sina Kapitan Tiyago at Donya Victoruna na ipakasal na sa lalong madaling panahon sina Maria Clara at Linares.  
Kung ikaw si Maria Clara, ano ang gagawin mo?

- a. Susunod ako sa pasya ng kinikilala kong ama.
- b. Nahihiya akong suwayin si Donya Victorina kaya’t papayag na ako.
- c. Hindi ako susunod sapagkat buong buhay ko at kinabukasan ang nakataya.
- d. Lahat ng nabanggit

2. Si Ibarra ang pinagbintangang utak ng himagsikan ngunit sa katotohanan walang alam dito si Ibarra, nadamay lamang siya.  
Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Ibarra, ang dapat mo sanang ginawa ay;

- a. Magtago sa batas
- b. Umamin na lamang upang di mahirapan.
- c. Lumantad at sabihin ang katotohanan na siya’y walang kasalanan.
- d. Lahat ng nabanggit.

3. Nabaril si Elias ng mga gwardiya sibil dahil sa pagliligtas nito kay Ibarra sa kanilang mga kaaway na humantong sa kanyang kamatayan.  
Naiwasan sana ni Elias ang kamatayan kung;

- a. Lumayo kay Ibarra at namuhay nang payapa.
- b. Hindi na siya sumama kay Ibarra sa lawa.
- c. Hinayaan na lamang niyang iligtas ni Ibarra ang sarili laban sa mga sibil.
- d. Lahat ng nabanggit

4. Nabaliw at namatay si Sisa at di na nakita ang mga anak na sina Crispin at Basilio.

Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Sisa na may dalawang anak na umaasa sa kanya, ano kaya and dapat mong gawin sa gitna ng mga pagsubok?

- a. Magpakatatag sa gitna ng problema
- b. Magpakamatay upang matakasan na ang mga paghihirap
- c. Takasan ang lahat at mamuhay nang nag-iisa
- d. Lahat ng nabanggit

5. Kung tutuusin, si Padre Damaso ang ugat ng lahat ng kasawian sa buhay ni Kapitan Tiyago.


Naiwasan sana ang lahat ng ito kung natuto lamang si Kapitan Tiyago na;

- |                  |                       |
|------------------|-----------------------|
| a. magpakalalaki | c. magpakahinahon     |
| b. magpakumbaba  | d. lahat ng nabanggit |


### 6. Sulatin Mo...

Panuto: Bumuo ng mga kaisipang kaugnay ng akdang binasa buhat sa mga sumusunod na mga salita sa loob ng bilog.

1.



2.



3.



## 7. Lagumin Mo. . .

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang mga bagay na iyong natutunan at nadama matapos mabasa ang akda.

<p>Matapos kong basahin ang akda nalaman kong. . .</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. Hindi lahat ng nabilanggo ay tunay na nagkasala.</li><li>2. Ang kawalan ng hustisya ay laganap na noon pa.</li><li>3. Ang tao, gaano pa man kasama may natatagong kabutihan.</li><li>4. Sa himagsikan, ang tunay na naghihirap at nagdurusa ay ang mga walang malay na di makapagtanggol sa sarili.</li><li>5. Ang salapi ang dahilan ng kasamaan sa mundo.</li></ol>	<p>Matapos kong basahin ang akda nakadama ako ng. . .</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. Galit sa mga taong naging dahilan ng kasawian ng kapwa.</li><li>2. Pagkaawa kay Padre Damaso dahil sa walang pangalawang pagmamahal sa anak.</li><li>3. Pagkahabag kina Ibarra at Maria Clara dahil sa nabigo nilang pag-iibigan.</li><li>4. Paghanga kay Elias dahil sa kabila ng kanyang kahirapan, siya’y tunay na dakila.</li><li>5. Pagkainis kay Ibarra dahil hindi niya naipangtanggol ang sarili laban sa maling paratang sa kanya.</li></ol>
---	--

## 8. Subukin Mo. . .

Panuto: Isulat ang **T** kung tama ang kaisipan ng pahayag batay sa binasang akda at **M** kung mali ang kaisipan batay sa paksa.

- \_\_\_ 1. Kumalat ang balita na itinakas ni Crisostomo si Maria Clara at pinatay nito si Kapitan Tiyago.
- \_\_\_ 2. Galit na galit ang mga kaanak ng mga nahuling kasama sa himagsikan kay Crisostomo Ibarra.
- \_\_\_ 3. Kinabukasan, matapos mahuli si Crisostomo Ibarra ay namatay si Kapitan Tiyago.
- \_\_\_ 4. Ang mga pinapurihan matapos mahuli ang mga di-umano’y kasabwat sa himagsikan ay sina Padre Damaso at Tenyente Guevarra.

\_\_\_\_\_ 5. Namatay sa bundok si Elias sa gabi ng Nochebuena.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## 9. Paunlarin Mo. . .

Paunawa: Kung ang iskor na nakuha mo matapos sagutan ang Pagsasanay Blg. 8 ay apat pataas huwag mo nang sagutan ang Pagsasanay Blg. 9. Subalit kung ang iskor mo ay tatlo pababa, gawin mo ito.

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang pahayag na kaugnay ng binasang akda.

1. Nagpasya sina Kapitan Tiyago at Padre Damaso na ipakasal si Maria Clara kay Linares.
2. Habang namamangka sa lawa sina Ibarra at Elias ay tinugis sila ng mga sibil.
3. Ayaw magmongha ni Maria Clara.
4. Namatay sa loob ng gubat ng mga Ibarra sina Elias at Sisa.
5. Si Basilio ang pinagbilinan ni Elias tungkol sa kayamang binaon ni Elias.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.



## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Isulat ang **MKS** kung ang mga salitang may salungguhit sa pahayag ay magkasingkahulugan at **MK** kung magkasalungat.

1. Kalungkutan ang nadama ni Crisostomo nang makita niyang masayang nag-uusap sina Linares at Maria Clara.
2. Sa gitna ng kasaganaan ng mga Espanyol ay kitang-kita ang kahirapan ng mga Pilipino.
3. Tunay na maitim ang budhi ni Padre Salvi dahil masama ang ginagawa niya kina Maria Clara, Ibarra at Padre Damaso.

Panuto: Piliin sa dakong ibaba ang nais ipahiwatig ng mga sumusunod na pahayag.

4. Agad-agad umalis sa bahay ni Kapitan Tiyago si Ibarra nang makita niyang masayang nag-uusap sina Linares at Maria Clara.



5. Namundok ang mag-anak ni Elias nang mamatay ang kanilang ama dahil sa kahihyan at kasawiang nalasap nito sa kamay ng mga kalaban.
6. Dali-daling umiba ng daan si Crisostomo nang makita niya ang mga sibil na armado at parang pupunta sa giyera.

- |  |
|--|
| <ol style="list-style-type: none"><li>a. Natakot si Crisostomo na baka siya ang hulihin ng mga sibil</li><li>b. Hindi matiis ng mga anak ang pag-uupasala na kanilang naririnig sa mga kakilala nila.</li><li>c. Nginatngat ng panibugho ang puso ni Ibarra.</li></ol> |
|--|

Panuto: Piliin ang letra ng pahayag na nagbibigay interpretasyon sa mga sumusunod na kalagayan.

7. Labis ang kalungkutan ni Maria Clara sa binuong pasya ng kanyang ama na siya ay ipakasal kay Linares.
8. Laking kalungkutan ni Padre Damaso nang malamang nagmongha si Maria Clara.

- |  |
|--|
| <ol style="list-style-type: none"><li>a. Ayaw ni Padre Damaso na magmongha si Maria Clara.</li><li>b. Hindi iniibig ni Maria Clara si Linares</li><li>c. Malungkot sa loob ng kumbento.</li><li>d. Ayaw pang mag-asawa ni Maria Clara.</li></ol> |
|--|

Panuto: Bilugan ang mga pahayag na nagpapatunay na ang mundo ay malupit sa kanyang mga nilikha. (9 – 10)

- a. Tinugis ng mga gwardiya sibil sina Elias at Ibarra gayong maliwanag na wala silang alam tungkol sa himagsikan.
- b. Tuluyan nang nabaliw si Sisa dahil sa labis na kasawiang inabot ng kanyang pamilya na ang dahilan ay ang kalupitan ng kura at sibil.
- c. Nagkasakit si Pilosopo Tasyo.
- d. Nagmongha si Maria Clara.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.